# MGA PROYEKTONG QUICK-BUILD (MABILISANG KONSTRUKSIYON) SA EMBARCADERO

SPRING 2020

SFMTA.com/QuickBuild SFMTA.com/EmbarcaderoQB




## Ang Embarcadero at ang Vision Zero High-Injury Network (kung saan mataas ang pinsala)

Mahigit 30,000 tao ang naglalakad, nagbibisikleta, sumasakay sa pampublikong transportasyon, o nagmamaneho sa Embarcadero Boulevard araw-araw. Karamihan sa Embarcadero corridor (rutang nakatalaga para sa tiyak na layunin) ay nasa Vision Zero High Injury Network ng lungsod, na kumakatawan sa 13% ng mga kalye sa lungsod kung saan nagaganap ang 75% ng malalalala at nakamamatay na aksidente. Lumala na rin ang mga kondisyon sa promenade (sementadong daan na karaniwang pasyalan) na ginagamit ng marami, dahil sa araw-araw na 'muntik-muntikanan nang aksidente' at reklamo ng alitan sa pagitan ng mga naglalakad at iba't ibang uri ng sasakyan.


## Ang mga Proyektong Quick-Build o Mabilisang Pagtatayo sa Embarcadero


Para mapabilis ang mga pagpapahusay para sa kaligtasan at paggalaw, magsisimula na ang Ahensiya ng San Francisco para sa Munisipal na Transportasyon (San Francisco Municipal Transportation Agency, SFMTA) at ang Departamento para sa mga Pampublikong Konstruksiyon ng San Francisco (San Francisco Public Works), sa pakikipag-partner sa Daungan ng San Francisco (Port of San Francisco) tungo sa pagpapatayo ng tatlong Proyektong Quick Build ng Embarcadero sa Hunyo 2020, bilang bahagi ng Inisyatibang Quick Build ng Vision Zero. Ang Inisyatibang Quick Build ng Vision Zero ay pagsusumikap ng SFMTA na mabilis na ipatupad ang mga pagpapahusay para sa kaligtasan ng mga naglalalakad at nagbibisikleta sa HIN, na may tunguhing hindi na magkaroon ng anumang pagkamatay nang dahil sa aksidente sa daan sa San Francisco.

**Napakahalagang unang hakbang ang mga Proyektong Quick Build sa Embarcadero tungo sa paglikha ng mas ligtas na Embarcadero para sa lahat ng gumagamit nito, pagpapahusay ng mga koneksiyon sa pagitan ng Embarcadero, kalapit ng mga komunidad, at ng rehiyon, pag-aangat pa sa papel ng Embarcadero bilang pinahahalagahang destinasyon para sa mga residente, bisita, at negosyo, at tungo sa pagsuporta sa pagpapanumbalik at pagbangon ng ating lungsod, habang pinoprotektahan ang pampublikong kalusugan.**

## Mga Detalye ng Proyekto

**Pier 35 Quick Build (Mabilisang Konstruksiyon):** Ang Port o Daungan ng San Francisco ay napakahalagang lugar para sa mga cruise at gawain sa dagat, at nakahikayat ito ng 116 cruise ship at halos 400,000 pasahero sa San Francisco sa taong 2020. Magtatakda ang Pier 35 Quick Build sa pagitan ng Bay at North Point streets ng bagong protektadong daan para sa mga bisikleta at mga pagpapahusay sa pamamahala sa espasyo ng mga bangketa, at nang mabawasan ang mga alitan sa pagitan ng mga nagbibisikleta at sumasakay na pasahero sa Pier 35 Cruise Terminal.




Sa pagdaong ng mga cruise, at iba pang malalaking pagtitipon, pansamantalang tatanggalin ang ilang 'flex o naiiaayong' poste at nang mapahintulutan ang pagsasakay sa may bangketa at ang pagbibisikleta nang katabi ng mga lane para sa pagbibiyahe (katulad ng mga naririyan nang kondisyon). Gagamit ng mga pansamantalang karatula at naka-unipormeng pulis upang magbigay ng direksiyon sa mga sasakyan, nagbibisikleta, at naglalakad, sa naaangkop na paraan, at nang mapanatili ang kaligtasan sa mga pagtitipong ito.

*Ipinagpapatuloy sa susunod na pahina*


SFMTA

# MGA PROYEKTONG QUICK-BUILD (MABILISANG KONSTRUKSIYON) SA EMBARCADERO


## SPRING 2020

**SFMTA.com/QuickBuild** **SFMTA.com/EmbarcaderoQB**

**Ferry Terminal Quick Build (Mabilisang Konstruksiyon):** Gagawa ang proyektong ito ng protektadong daanan ng bisikleta na two-way o magkabilaan ang direksiyon, at nasa tabi ng tubig, mula Mission hanggang Folsom Streets, at nang lalo pang maging ligtas ang lahat ng gumagamit at mapahusay pa ang “huling milya” na mga koneksiyon tungo sa ferry terminal mula sa komunidad ng South of Market (SOMA). Pahihintulutan din ng two-way na protektadong daan ng bisikleta na ito ang paunang tingin at pagte-testing ng konsepto ayon sa pagkakaplano sa natitirang bahagi ng corridor sa pamamagitan ng Embarcadero Enhancement Project (Proyekto para sa Higit pang Pagpapaganda sa Embarcadero). Bukod rito, magkakaroon din ng mga pagpapahusay para lalo pang maging mas ligtas ang mga naglalakad at nagbibisikleta, tulad ng mga tawiran na may magkakahiwalay na lugar para sa paghihintay, restriksiyon sa pagkanan kapag pula ang ilaw, at mas pinaganda pang timing ng mga signal.




**Rincon Restaurant Zone Quick Build (Mabilisang Konstruksiyon):** Ang Embarcadero na papunta sa hilaga o northbound at nasa pagitan ng Folsom at Harrison streets ay hotspot o lugar kung saan pinakamadalas mangyari ang mga alitan sa pagitan ng mga tao na nagbibisikleta at mga operasyon sa pagsasakay/operasyon ng mga valet (tumutulong sa pagparada ng mga sasakyan) para sa mga restawran na katabi ng Rincon Park. Magtatakda ang proyekto ng protektadong daanan ng bisikleta para sa mga nagbibisikleta na papunta sa hilaga o northbound, at palalawakin ang kapasidad para sa pagsasakay ng mga pasahero at para sa mga negosyo. Pipigilan ng protektadong daanan ng bisikleta at bagong mga lugar para sa pagsasakay ang mga sasakyan sa doble-dobleng pagparada, at pupuwersahin ang mga nagbibisikleta at nag-iiscooter tungo sa daanan ng mga sasakyan sa lugar na ito.




## Timeline (Takdang Panahon para sa mga Gawain)

Pagpipinal sa Disenyo/Mga Pag-abruba
Spring o Tagsibol 2020

Konstruksiyon
Hunyo-Hulyo 2020

Ebalwasyon
Fall o Taglagas/Winter o Taglamig 2020

## Mga Gawain sa Konstruksiyon

Magsisimula ang konstruksiyon sa Hunyo 2020 at tatagal ng humigit-kumulang tatlong buwan. Sa panahong ito, muling lalagyan ng aspalto ang mga daan, magdaragdag ng bagong pintura sa mga daan at bangketa, magtatanggal at magkakabit ng mga metrong pamparadahan, at maglalagay ng mga hintayan para sa naglalakad/nagbibiskleta at ng mga protektadong daaanan ng bisikleta.

## Embarcadero Enhancement Project (Proyekto para sa Higit pang Pagpapaganda sa Embarcadero)

Ang Embarcadero Enhancement Project (Proyekto para sa Higit pang Pagpapaganda sa Embarcadero) ay hiwalay at mas malaking proyekto sa corridor, at nagmumungkahi ito ng protektadong daanan ng mga bisikleta na two-way o magkabilaan sa may tubig na bahag ng Embarcadero mula Townsend hanggang North Point streets. Iminumungkahi rin ang karagdagang mga hakbang para sa kaligtasan ng mga naglalakad, pagbabago sa sirkulasyon, pagpapahusay pang lalo ng mga signal na pantrapiko, at mga katangian para sa paghahanap ng daan. Kasalukuyang nasa panimulang pag-apruba ng yugto sa pag-iinhinyero at usaping pangkapaligiran ang proyekto at hindi inaasahan ang pag-uumpisa ng konstruksiyon hanggang sa 2022.

**May mga tanong at komento ba kayo? Mangyaring magemail sa Embarcadero@SFMTA.com**

**Para sa impormasyon at para magpalista upang makatanggap ng pinakabagong impormasyon tungkol sa proyekto, bisitahin ang SFMTA.com/Embarcadero QB**

SFMTA